
**Tinuturuan tayo ng mga banal na kasulatan at ng mga propeta ng mga paraan na maaari tayong maging positibo:**



*Ang tunay na lubos na kagalakan ay nagmumula lamang sa Diyos (tingnan sa D at T 101:36). Kapag bumaling tayo sa Kanya, magbabago ang ating puso.*



*Pinagpapala ng Diyos ang buhay ng bawat isa sa atin (tingnan sa Mga Awit 145:9). Mapagsisikapan nating alamin ang Kanyang magigiliw na awa sa ating buhay.*



*Ang pagtutuon natin sa Diyos ay hindi minsanang nangyayari. Kailangan nating gumawa at palagiang tumupad ng mga tipan, tulad ng marapat na pakikibahagi ng sakramento linggu-linggo.*



*Tayo, gaya ni Nephi, ay nalulugod sa mga banal na kasulatan (2 Nephi 4:15–16). Ang pagbabasa ng mga salita ng Diyos at ng Kanyang mga propeta ay magpapasigla sa ating puso.*



*Hinikayat tayo ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008) na "mangusap tungkol sa mga kabutihan ng isa't isa nang higit kaysa sa mga kamalian ng isa't isa" at "mas lalong purihin ang kabutihan at pagsisikap."[4]*

MGA PAGLALARAWAN NI J. BETH JEPSON